



CALIFORNIA DEMOCRATIC PARTY

Online na Pagboto ng ADEM

Ipapadala ng lahat ng botante na humiling ng online na balota bago ang Enero 31 ng alas-12 ng tanghali ang kanilang mga voting credential sa kanilang rehistradong address. Magsisimula kaming magpadala ng mga liham sa Enero 31.

Magbubukas ang ElectionBuddy ballot para sa mga online na botante sa Sabado, Pebrero 1 ng tanghali. Ang website para sa pagboto ay CADEM.ORG/ADEMBALLOT. Ang mga botanteng humiling ng online na pagboto ay makakatanggap ng mga liham sa pamamagitan ng koreo na naglalaman ng kanilang **10-digit na Numero ng ID ng Kalahok (Participant ID Number, PIN)** at isang Password upang makaboto sa ElectionBuddy.

Mananatiling bukas ang pagboto hanggang Pebrero 23 ng 6 p.m. Kailangang isumite ang mga balota bago ang deadline. Ang mga bukas na ElectionBuddy ballot na hindi naisumite bago ang deadline ay hindi tatanggapin.

Kung ang mga botante ay humiling ng online na mga voting credential at ang kanilang email ay tumutugma sa nakarehistrong email sa file ng mga botante, makakatanggap din sila ng kanilang online na mga voting credential sa pamamagitan ng email simula Pebrero 1, 2025 ng alas-12 ng tanghali.

Mga Tagubilin sa Pagboto gamit ang Online Ballot

Puwede kang bumoto ng hanggang 14 na kandidato. Ang nangungunang 7 OSIF at nangungunang 7 SIF na kandidato para sa mga Delegado ng Assembly District Delegate (Assembly District Delegates, ADD) ay idedeklara bilang mga nanalo. Kung pumili ka ng 15 o higit pang mga kandidato, hindi ka papayagan ng ElectionBuddy na isumite ang iyong balota. Pinapayagan kang bumoto para sa anumang kombinasyon ng mga kandidato na OSIF o SIF.

SIF - Kumikilala sa Sarili Bilang babae

OSIF - Iba pang Pagkakakilanlan Bukod sa Babae

Ang mga **kandidatong kwalipikado para sa Lupon ng mga Ehekutibo** na may pinakamaraming boto ang magiging miyembro ng Lupon ng mga Ehekutibo para sa Assembly District na ito. **Puwede kang bumoto para sa higit sa isang kandidato na kwalipikado para sa Lupon ng mga Ehekutibo.**

Ito ay isang Semi Secret Ballot. Sa pagtatapos ng halalan, gagawin naming available ang lahat ng balota, ngunit hindi lalabas ang mga pangalan ng botante sa balota.

Mangyaring bisitahin ang <https://adem.cadem.org/> para sa detalyadong mga tagubilin sa pagboto, kasama ang mga kandidato at mga pahayag ng kandidato, kung mayroong pahayag na isinumite. Makikita rin ng mga Kalahok ng ADEM ang mga mapagkukunan tungkol sa kung saan maaaring bumoto nang in-person at karagdagang suporta para sa pag-navigate sa proseso ng 2025 ADEM.

Kung mayroon kang anumang mga tanong, mangyaring mag-email sa adem@cadem.org.